Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-20 NG SETYEMBRE, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x---- -----------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 21-09-280

**KAPASYAHANG PAGKILALA AT PAGBIBIGAY PUGAY KAY SIR WARLITO AGUSTIN NG WARING ELEMENTARY SCHOOL PARA SA KANYANG PAGMAMALASAKIT NA MAIANGAT ANG KALIDAD NG EDUKASYON SA SEKTOR NG MGA KATUTUBONG MANGYAN**

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro na isang malungkot na ehemplo ng kahirapan kung saan ang dalawamput limang porsyento ng populasyon nito ay mga katutubo na kung tawagin ay Hanunuo Mangyan;

**"SAPAGKAT,** sa kabila ng mga pagsubok at kakulangan sa pamumuhay ay mapalad pa rin ang Bulalacao sa pagkakaroon ng mga indibidwal na mayroong kanais-nais at positibong karakter na siyang nagbibigay inspirasyon at pag-asa sa isang progresibo at matiwasay na komunidad;

**"SAPAGKAT,** si Sir Warlito Agustin ay isang huwarang lehitimong anak ng Bulalacao na nagsisilbing bayani para sa kamangyanan, siya ay isang butihing guro na hindi inaalintana ang layo at hirap ng daan upang makarating lamang sa kabundukan at maihatid sa mga mag-aaral ng Waring Elementary School ang maayos at epektibong edukasyon;

**"SAPAGKAT,** si Sir Agustin ay aktibong naghahanap ng mga paraan upang maiangat ang kalidad ng edukasyon ng mga katutubong mangyan; matiyaga niyang sinusulatan ang iba't ibang kagawaran ng pamahalaan at mga pribadong sektor para masolusyonan ang mga kakulangan ng silid-aralan, kagamitan sa pag-aaral at maging pangangailangang medikal ng kanilang mag-aaral; at mula sa kanyang sariling sweldo ay bumibili siya ng mga kagamitang teknolohikal upang makasabay ang kanilang pagtuturo sa ibang paaralan;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay malugod na kinikilala ang dakilang hangarin at pagmamahal ni Sir Warlito Agustin para sa edukasyon ng ating mga katutubong mangyan, ang kanyang maalab na sakripisyo at kasipagan sa pagtuturo ay marapat lamang bigyang pansin at parangal; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Kilalanin si Sir Warlito Agustin ng Waring Elementary School para sa kanyang pagmamalasakit na maiangat ang kalidad ng edukasyon sa hanay ng mga katutubong mangyan,

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY":**Setyembre 20, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Oct 5, 2021

230921/PLP/jpc/admm

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner